25 Setyembre 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**

Blg. 509 , s. 2025

**PASASALAMAT, ULAT, AT LEGALIDAD PARA SA GASTUSIN NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

**Para sa/mga:Pansangay na Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Hepeng Tagamasid**
**Tagamasid Pansangay**
**Tagamasid Pampurok**
**Prinsipal/Ulongguro/Gurong Tagapangasiwa ng Pribado at Publikong Paaralan**
**Tagapag-ungay PamPurok/Pampaaralan sa Filipino**
**Lahat ng Kinauukulan**

1. Ipinaparating sa lahat ang pasasalamat sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na ipinatupad ng KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 36-06 Serye 2025 na nagtakda ng temang **"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"** na alinsunod sa itinakdang Pampanhuluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing 1–31 Agosto.

2. Pasasalamat sa panahon na inilaan upang ang Agosto ay maging lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika at sa pagpatupad ng sumusunod na mga layunin at lingguhang tema ng Buwan ng Wika 2025:
A. Mga Layunin

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

Poblacion, Numancia, Aklan
Tel/Fax No. (265 3740 I 265 3741 I 265 3743)
Website: https://depedaklan.online
Email Address: aklan.1958@deped.gov.ph

B. Lingguhang Tema

Hinati sa apat (4) lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| 1–9 Agosto | Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima |
| 10–16 Agosto | Wikang Pangkasarian |
| 17–23 Agosto | Ang Pangangalaga sa Katutubong Wika at Kaalaman bilang Pangangalaga sa Kalikasan |
| 24–31 Agosto | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag |

3. Ang bawat paaralan ay kinakailangang magsumite ng ulat para sa Buwan ng Wikang Pambansa 2025 sa Tagapag-ugnay Pampurok upang ito ay isumite sa Tanggapang Pansangay sa Setyembre 26, 2025. Kasama sa ulat ay ang tseklist para sa isang buwan na pagdiriwang. Ang iba pang detalye ng ulat ay ibibigay sa Group Chat ng mga Tagapag-ugnay Pampurok antas Elementartya at Sekondarya.

4. Ang mga gastusin na may kinalaman sa pagdiriwang na nabanggit ay maaaring kunin sa lokal na pondo/school MOOE/Samahang Filipino at iba bang puwedeng mapagkukunan na sinasaklaw ang buong Buwan ng Agosto 2025 at Setyembre 2025 hangang sa maisumite ang ulat.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

PARA SA PANSANGAY NA TAGAPAMANIHALANG MGA PAARALAN:

**MICHAEL T. RAPIZ**
Hepeng Tagamasid
Sangay ng Pamamahala at Pagpapatakbo ng mga Paaralan

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 038, s. 2024
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim
ng sumusunod na paksa:

BASIC EDUCATION
BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VI-WESTERN VISAYAS

AUG 0 1 2024

**REHIYUNAL NA MEMORANDUM**
**Blg. 680, s. 2024**

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sa mga Kinauukulan

1. Kalapkip dito ay ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 38, s. 2024 na pinamagatang, Buwan ng Wikang Pambansa 2024 na ipagdiriwang sa Agosto 1-31, 2024.

2. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RAMIR B. UYTICO EdD, CESO III**
Rehiyunal na Direktor

Kalakip: Gaya ng isinasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Bg. 038, s. 2024
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:

KURIKULUM BUWAN WIKA

CD/CLMD-OM-2024 2024 Buwan ng Wika 2024
001/July 31, 2024

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Address: Duran Street, Iloilo City, 5000
Telephone Nos: (033) 337-0149; 336-2816
Email Address: region6@deped.gov.ph
Website: region6.deped.gov.ph
Certificate No. PHP QMS 24 93 0184

Republic of the Philippines
**Department of Education**

JUL 3 1 2024

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 038 , s. 2024

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Sa mga: Ikalawang Kalihim
Kawaksing Kalihim
Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2024** ay ipagdiriwang sa Agosto 1–31, 2024 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Pára sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 08-02 Serye 2024 na nagtatakda ng temang **"FILIPINO: WIKANG MAPAGPALAYA"** na naglalayong ilaan ang Agosto bílang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2024 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Makikita sa kalakip ng memorandum na ito ang mga suhestiyong gawain na hinati-hati sa limang lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| **Agosto 1–3** | *Filipino Sign Language* (FSL) tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran |
| **Agosto 5–10** | Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran |

| | |
|---|---|
| **Agosto 12–17** | Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) sa *Scientific Research* |
| **Agosto 19–23** | Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa |
| **Agosto 26–31** | Paglaban sa *Misinformation (fact checking)* |

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd *Order* (DO) *No.* 9, s. 2005 *(Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith)* na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 66, s. 2017 *(Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities)* kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity.*

6. Para sa karagdagang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at *Networking* (SIP) sa telepono blg. 09920417625 o kwf.pressrelease@kwf.gov.ph. Maaari ring magpadala ng liham sa Kagawaran ng Edukasyon, Kawanihan ng Linangan ng Pagkatuto sa *email* na bld.od@deped.gov.ph kung may katanungan o paglilinaw

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

**GINA O. GONONG**
Pangalawang Kalihim

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023
DepEd Order (Nos. 66, s. 2017 at 9, s. 2005)

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

BASIC EDUCATION
BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
PROGRAMS
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

MSCM/APA, DM Buwan ng Wikang Pambansa 2024
0187 – May 31, 2024

(Kalakip mula sa Memorandum Pangkagawaran Blg038 s. 2024)

| Linggo at tema | Antas at mga Gawain | | | |
|---|---|---|---|---|
| | K-3 | Baitang 4-6 | Baitang 7-10 | Baitang 11-12 |
| **1–3 Agosto**<br>FSL tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran | • Pagtitipon ng mga pagbati sa *Filipino Sign Language* (FSL) | | | |
| **5–10 Agosto**<br>Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran | | • Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa kahalahagahan ng maka-agham na pananaliksik. | • Pagsulat ng mga tula na may kinalaman sa maka-agham na pananaliksik.<br>• Pagsulat ng rap hinggil sa halaga ng sistematikong maka-agham na pananaliksik sa Pambansang Kaunlaran. | |
| **12–17 Agosto**<br>Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) sa *Scientific Research* | | • Pagsasaliksik ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) mula sa iba't ibang rehiyon.<br>• Pagsulat ng sanaysay hinggil sa *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP)<br>• Pagsasadula ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP). | | |
| **19–23 Agosto**<br>Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa<br>• Paglikha ng awit gámit ang wikang katutubo hinggil sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | |
| **26–31 Agosto**<br>Paglaban sa Misinformation (*fact checking*) | | • *Online forum/ Seminar* hinggil sa Literasiyang Pang-media.<br>• Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wika. | | |

Republic of the Philippines
**Department of Education**

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 036 , s. 2023

JUN 29 2023

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng mga Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang **Buwan ng Wikang Pambansa 2023** ay ipagdiriwang sa Agosto 1–31, 2023 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 06-02 Serye 2023 na nagtatakda ng temang **Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan** at naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Narito ang limang lingguhang tema at mungkahing mga gawain para isang buwang pagdiriwang:

| Petsa at Tema | Mungkahing mga Gawain para sa Pubiko at Pribado Tanggapan ng Kagawaran |
|---|---|
| **Agosto 1–5**<br>Unang Linggo:<br><br>Pagkilala at Pagtaguyod | Mga gawain hinggil sa paksang kabilang ngunit hindi limitado sa salitang pagbati sa Filipino *Sign Language* at *online forum* hinggil sa kahalagahan nito. Maaaring makipag-ugnayan kay Patrick |

| | |
|---|---|
| sa *Filipino Sign Language* (FSL) bilang Pambansang Wikang Senyas ng Pilipinas | Ablaza (fsl.yunit@kwf.gov.ph) ng Yunit ng FSL ng Komisyon sa Wikang Filipino kaugnay sa nabanggit. |
| **Agosto 7–12**<br>Ikalawang Linggo<br><br>Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik, at Pagkakaisa | Mga timpalak sa pagsulat ng tula at masining ng pagkukuwento gamit ang wikang katutubo gamit ang pamantayan/kraytírya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak. |
| **Agosto 14–19**<br>Ikatlong Linggo<br><br>Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas | Mga timpalak sa pagsulat ng sanaysay gámit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas gamit ang pamantayan/kraytírya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak. |
| **Agosto 21–26**<br>Ikaapat na Linggo<br><br>Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan | Mga timpalak sa paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog at paglikha ng awit gamit ang pamantayan/kraytírya na itatakda ng magsasagawa ng timpalak. |
| **Agosto 28–31**<br>Ikalimang Linggo<br><br>Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon | Maaaring magkaroon ng pangwakas na gawain/ kulminéysyon. |

*Nakasaad din sa kalakip ang Mga Mungkahing Gawain sa Bawat Antas*

5. Ang mga tema at mungkahing gawain ay pagtupad din sa Batas Republika 11106, ang *Filipino Sign Language Act* gayundin sa 2022–2032 *International Decade on Indigenous languages* ng UNESCO at 2030 *Agenda and achievement of the 17 Sustainable Development Goals* (SDGs).

6. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd *Order* (DO) *No.* 9, s. 2005 (*Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*) na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinasaad sa DO 003, s. 2023 (*An Order Allowing the Conduct of In-Person Activities in Schools*) na naglalahad ng mga pamantayan sa pagsasagawa ng mga *in-person activity.* Isaalang-alang din ang DO 66, s. 2017 *(Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities*) kaugnay sa pagsasagawa ng mga *Off-Campus Activity.*

7. Hinihikayat na makilahok sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ang lahat ng antas ng tanggapang pangkagawaran mula sa nasyonal, rehiyon, dibisyon, at mga paaralang publiko maging sa pribado.

8. Maaaring magamit na pondo ang *local funds,* kung mayroon at pahihintulutan alinsunod sa tuntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

9. Pára sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Kawanihan ng Linangan sa Pagkatuto** sa pamamagitan ni **Gaudencio Luis N. Serrano**, *Supervising Education Program Specialist,* sa *email* na gaudencio.serrano@deped.gov.ph o kaya sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) sa *email* na komfil@kwf.gov.ph o sa *mobile phone* blg. 0928-8441349.

10. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alinsunod sa awtoridad na iginawad ng Kalihim:

**GINA O. GONONG**
Pangalawang Kalihim

Kalakip:
Gaya ng sinasaad

Saggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 073, s. 2022
DepEd Order (Nos. 003, s. 2023; 66, s. 2017; at 9, s. 2005)

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LANGUAGE
LEARNING AREA, FILIPINO
SCHOOLS

JDMC MPC, DM Buwan ng Wikang Pambansa 2023
0327 – June 2, 2023

(Kalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023)

**Mga Mungkahing Gawain sa Bawat Antas**

<table>
<tr><th rowspan="2">Linggo at Tema</th><th colspan="4">Antas at mga Gawain</th></tr>
<tr><th>K-3</th><th>Baitang 4-6</th><th>Baitang 7-10</th><th>Baitang 11-12</th></tr>
<tr><td>1–5 Agosto<br>Linggo 1: Pagkilala at Pagtaguyod sa Filipino Sign Language (FSL) bilang Pambansang Wikang Senyas ng Pilipinas</td><td colspan="2">• Pagtitipon ng mga salitang pagbati (Halimbawa: Magandang umaga po, Magandang hapon po, at iba) na isesenyas sa Filipino Sign Language bilang pagpapakilala ng FSL bilang ingklusibo sa pamayanan.</td><td colspan="2">• Pagdaraos ng mga online forum at talakayan hinggil sa kahalagahan ng Filipino Sign Language (FSL) sa bawat Pilipino.</td></tr>
<tr><td>7–12 Agosto<br>Linggo 2: Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik, at Pagkakaisa</td><td></td><td>• Pagtitipon ng mga katutubong salita na pangkaraniwang ginagamit sa tahanan</td><td colspan="2">• Pagsulat ng mga tula hinggil sa pagkakaisa gamit ang wikang katutubo.<br>• Timpalak sa muling pagsalaysay ng mga kuwentong-bayan hinggil sa pagkakaisa gámit ang wikang katutubo.</td></tr>
<tr><td>14–19 Agosto<br>Linggo 3: Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas</td><td></td><td colspan="3">• Pagsulat ng sanaysay gámit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na Pilipinas.<br>• Pananaliksik sa siyensiya at teknolohiya at kasalukuyang estado ng isang katutubong wika.</td></tr>
<tr><td>21–26 Agosto<br>Linggo 4: Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapuwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan</td><td></td><td colspan="3">• Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa pakikipagkapuwa sa lipunang Pilipino.<br>• Paglikha ng awit gámit ang wikang katutubo na nagpapakita at nagtataguyod ng katarungang panlipunan.</td></tr>
<tr><td>28–31 Agosto<br>Linggo 5: Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon</td><td></td><td colspan="3">• Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wikang Pambansa 2023.</td></tr>
</table>